## Lesson 1

# GRACE TO US AND GLORY TO GOD

## GALACIA 1:1-5

*Si Pablo na apostol - hindi mula sa mga tao, o sa pamamagitan man ng tao, kundi sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, at ng Diyos Ama, na muling bumuhay sa kanya mula sa mga patay - [2]at ang lahat ng mga kapatid na kasama ko, Sa mga iglesya ng Galacia: [3]Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama, at sa ating Panginoong Jesu-Cristo, [4]na nagbigay ng kanyang sarili dahil sa ating mga kasalanan, upang tayo'y kanyang mailigtas mula sa kasalukuyang masamang kapanahunan, ayon sa kalooban ng ating Diyos at Ama, [5]sumakanya ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen.*

## PANIMULA

1. Magbahagi ng isang pangyayari kung saan may nagbalita sa iyo na naniwala ka noong una at nalaman mo pagkatapos na hindi pala totoo. Ano ang naramdaman mo o mararamdaman mo kapag nangyari ito sa iyo?

   *Tulay sa Pag-aaral:* May mga nagbabalita sa mga taga-Galacia ng tungkol sa kaligtasan na hindi sang-ayon sa ipinapangaral ni Pablo. Dito pa lamang sa simula ng sulat niya, ipinakita niya kung bakit siya dapat pakinggan ng mga Cristiano doon at gaano kahalaga ang mensaheng dinala niya noon pa.

## PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verse 1. Paano ipinakilala ni Pablo ang kanyang sarili? Ano ang kahalagahan ng pagpapakilalang ito sa isyu na kinakaharap niya sa mga iglesia sa Galacia? Ano sa tingin mo ang sinasabi ng ibang mga guro tungkol sa kanya?

3. Basahin ang verse 2. Sa tingin mo, ano ang kahalagahan na banggitin ni Pablo sa sulat niya na ito ay galing din sa "lahat ng mga kapatid na kasama ko"? Paano nito pinatutunayan na totoo ang mensahe ng kaligtasang ipinangaral niya?

4. Ano ang dapat na saloobin natin sa mga sinasabi ni Pablo sa kanyang mga sulat na nasa Bibliya? Basahin ang 1 Tesalonica 2:13. Anu-anong ugali natin ang nagpapakita na hindi natin itinuturing na "salita ng Diyos" ang salita ni Pablo?

5. Basahin ang verse 3. Ano ang nais ni Pablo na maranasan ng mga taga-Galacia? Ano ang kahalagahang banggitin ni Pablo na ang biyaya at kapayapaan ay hindi lamang mula sa Diyos Ama kundi sa Panginoong Jesus din?

6. Basahin ang verse 4. Paano ipinakilala si Cristo dito? Ano ang kahalagahan ng kanyang ginawa sa krus? Ano ang kaugnayan nito sa panalangin (pagbati) ni Pablo sa verse 3?

7. Basahin ang verse 5. Sa pagbati pa lamang sa sulat ni Pablo, hindi na niya mapigilang magpuri sa Diyos! Bakit sa tingin mo ganito ang kanyang damdamin matapos niyang banggitin ang buod ng ebanghelyo o Mabuting Balita (*gospel*) sa verse 4? Ano ang ipinapakita nitong pangunahing layunin kung bakit namatay si Cristo?

8. Bakit napakahalaga na tama ang pagkakaunawa natin sa ebanghelyo? Ano ang kahalagahan nito para sa atin at para sa Diyos?

## PAGSASABUHAY

9. Nakatulong ba ang pag-aaral na ito upang magkaroon ka ng kasabikang pag-aralang mabuti ang sulat ni Pablo sa mga taga-Galacia? Sa paanong paraan?

10. Ano ang gagawin mo upang mabigyan ng kahalagahan ang mensahe ng ebanghelyo sa iyong pang-araw-araw na buhay?